

PAHINA NG PAYO

Pagkakasunod-sunod ng kung Paano Magsuot ng Dyaket

Maraming mga bata ang kailangan ang tulong sa pagkatuto sa bagong mga kasanayan. Ang isa-isahin ang mga hakbang na ito sa mga bata ay makatutulong sa kanila na matutunan ito. Ang bilang ng hakbang sa ksaanayan o gawain ay hinahati depende sa pangangailangan ng iyong anak.

Maaaring gusto mong bigyan ang iyong anak ng visual na pagkakasunod-sunod. Ito ay mga serye ng mga litrato na nagpapakita ng mga hakbang na kailangan para makumpleto ang mga gawain. Maaari kang gumamit ng mga tunay na litrato, mga guhit na

lina, o litrato ng mga simbolo. Kapag gagamit ng visual na pagkakasunod-sunod, ilagay ito na kapantay ng mata ng iyong anak, ituro ang litrato, at basahin ng malakas bago tapusin ang aksyon.

Ito ay magandang paraan para sa mga bata na matuto kung paano isuot ang dyaket. Sundin lamang ang mga hakbang sa ibaba. Kung ang iyong anak ay hindi makayuko o makaupo sa sahig, maaring kang ilagay mo ang dyaket sa mababang lamesa bago mo gawin ang mga pagkakasunod-sunod.

1. Ilagay ang dyaket sa sahig o lamesa na na kalatag ang talukbong at manggas. Kung ang dyaket ay walang talukbong, siguraduhing malinaw na makikita ang etiketa. Maaari kang maglagay ng makulay na etiketa kung ito ay maliit o mahirap makita.



Pagkakasunod-sunod ng kung Paano Magsuot ng Dyaket, karugtong

2. Ang bata ay nakatayo sa likod ng talukbong ng dyaket o etiketa.



3. Ipapasok ng bata ang kanyang mga braso sa manggas ng dyaket. Maaaring kailangan mo siyang tulungan sa pamamagitan ng pagtuwid ng manggas.



Pagkakasunod-sunod ng kung Paano Magsuot ng Dyaket, karugtong

4. Ipinasasok! Ipinasok ng bata ang kanyang mga braso ng direktso.



5. !binaligtad! Itinaas ng bata ang kanyang mga braso sa ibabaw ng kanyang ulo.



Pagkakasunod-sunod ng kung Paano Magsuot ng Dyaket, karugtong

6. Isinuot! Ibinaba ng bata ang kanyang mga braso at nakasuot na ang dyaket! Maaaring kailangang tulungan mo siya na hilain pa-ibaba ang dyaket.



Ang unang hakbang ay ang punto na maisuot ng tama ang dyaket. Kapag ang iyong anak ay komportable sa mga hakbang ng Pagkakasunod-sunod ng kung Paano Magsuot ng Dyaket, maaari mong ipakita sa kanya kung paano iposisyon ang dyaket at sa kanyang sarili.